




Sa kabuuan:


6 KEY POLICY RATE% .25

Nagpasya ang BSP na panatilihin ang *key policy interest rate* sa 6.25 percent sa kabila ng patuloy na pagbaba ng *inflation*. Ito ay nagbibigay sa BSP ng panahon upang suriin ang mga panibagong banta sa *inflation*.



Ayon sa pinakahuling pagtataya ng BSP, ang 2023 *average inflation* ay maaaring umabot sa 5.6 percent. Ito ay bahagyang mas mataas sa nakaraang *estimate* na 5.5 percent, ngunit mas mababa kaysa sa 5.8 percent na *average* noong nagdaang taon

Inaasahang aabot ang *average inflation* sa 3.3 percent sa 2024. Mas mataas ito sa naunang *forecast* na 2.8 percent. Sa 2025, tinatayang aabot sa 3.4 percent ang *average inflation*.



Kabilang sa mga maaaring magdulot ng paglagpas ng *inflation* sa *forecasts* para sa taong 2023 hanggang 2025 ay ang karagdagang pagtaas ng pamasaha at pasahod, patuloy na kakulangan sa *supply* ng pagkain, at posibleng epekto ng *El Niño* sa mga presyo ng pagkain at kuryente.

Samantala, ang mas mabagal na paglago ng pandaigdigang ekonomiya ay maaaring magdulot ng mas mababang *inflation* sa bansa.



Ayon sa *Survey of External Forecasters* ng BSP ngayong Agosto, inaasahan nilang aabot ang *inflation* sa 5.5 percent ngayong taon. Hindi ito nagbago sa resulta ng nakaraang *survey*. Inaasahan din nila na ang *inflation* ay aabot ng 3.5 percent sa 2024, at 3.4 percent sa 2025. Pareho itong mas mababa sa nakaraang *survey*.



Ang pagbagal ng paglago ng ating ekonomiya sa Q2 2023 ay dahil sa paghina ng ilang sektor.



Handa ang BSP na umaksyon para pangalagaan ang *inflation target*.


Nagpasyang panatilihin ng BSP ang *key policy interest rate* sa 6.25 percent.

6 KEY POLICY RATE% .25

Sa *monetary policy meeting* noong ika-17 ng Agosto 2023, nagpasya ang *Monetary Board* ng BSP na panatilihin ang *key policy interest rate* sa 6.25 percent.

Ang patuloy na pagbaba ng *inflation* ay nagbibigay sa BSP ng panahong suriin ang mga panibagong banta sa *inflation*.

Ayon sa mga pinakahuling pagtataya ng BSP, hihina ang inflation—o ang antas ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin—at papasok ito sa target range sa pagtatapos ng 2023.




Ayon sa pinakahuling pagtataya ng BSP, ang *average inflation* ay maaaring umabot sa 5.6 percent ngayong taon. Ito ay bahagyang mas mataas sa naunang *forecast* na 5.5 percent ngunit mas mababa sa 5.8 percent noong nagdaang taon.

Ang *average inflation forecast* para sa 2024 ay itinaas sa 3.3 percent (mula sa 2.8 percent na inanunsyo noong Mayo). Gayunpaman, pasok pa rin ito sa *target range* na 2.0 to 4.0 percent.

Sa 2025, inaasahang aabot ang *average inflation* sa 3.4 percent na pasok din sa *target range*.


Gayunpaman, mayroon pa ring mga banta na maaaring magdulot ng mas mataas na inflation ngayong taon hanggang sa 2025 kaysa sa forecasts.



Ang karagdagang pagtaas ng pamasaha at pasahod, patuloy na kakulangan sa supply ng pagkain, epekto ng *El Niño* sa presyo ng pagkain at pagtaas ng presyo ng kuryente ay maaaring maging sanhi ng paglapas ng *inflation* sa *forecast* para sa taong 2023 hanggang 2025.

Sa kabilang banda, kapag patuloy na humina ang paglago ng pandaigdigang ekonomiya ayon sa inaasahan, maaari itong magdulot ng mas mababang *inflation* kaysa sa mga *forecast*.

Naniniwala ang mga ekonomista mula sa pribadong sector na papasok sa target range ang inflation sa 2024 at 2025.



Ayon sa resulta ng *BSP Survey on External Forecasters* ngayong Agosto, inaasahang aabot ang *inflation* sa 5.5 percent ngayong taon. Inaasahan nilang patuloy na bababa ang *inflation* sa nalalapit na hinaharap dahil sa *negative base effects*.

Ang *inflation forecast* ng mga ekonomista mula sa pribadong sektor ay nananatiling pasok sa *target range*—3.5 percent para sa 2024 at 3.4 percent para sa 2025, parehong mas mababa kaysa sa mga *forecast* nila noong Mayo.



Ang pagbagal ng pagkonsumo sa bansa ay nagdudulot ng pagbagal ng paglago ng ekonomiya.



Ang pagbagal ng paglago ng ating ekonomiya sa Q2 2023 ay dahil sa paghina ng ilang sektor.

Bumagal ang pagkonsumo ng mga *households* dahil sa pagtaas ng presyo ng mga bilingin. Kumpara noong isang taon, humina din naman ang paggastos ng pamahalaan kumpara sa kanyang programa.

Patuloy na babantayan ng BSP ang mga kaganapang maaaring makaapekto sa pagtaas ng presyo at paglago ng ekonomiya sa hinaharap.



Nananatiling handa ang BSP na tumugon kung kinakailangan para pangalagaan ang *inflation target*, alinsunod sa mandato nitong panatilihin ang *price stability* sa bansa.

Mananatili ang key policy interest rate sa 6.25%.

Ibig sabihin...



Maaaring ihinto ng mga bangko ang pagtataas ng *interest rate* sa kanilang mga pautang. Kasama ng iba pang aksyon ng gobyerno, ito ay makatutulong sa pagpigil ng pagtaas ng presyo ng mga bilingin at serbisyo.

Maaaring tingnan ang kabuuan ng 2023 August Monetary Policy Report
https://www.bsp.gov.ph/SitePages/PriceStability/FullReportMPR/MonetaryPolicyReport_Aug2023.aspx

